

# MA. CECILIA DE LA ROSA

Estudyante ng masterado sa Malikhaing Pagsulat si Ma. Cecilia de la Rosa sa UP Diliman. Nagtapos siya ng Philippine Arts sa UP Manila. Naipalabas sa Virgin Labfest (VLF) at pumangatlo sa Isang-yugtong Dula sa Palanca ang “Ang Mga Bisita ni Jean.” Naipalabas rin sa VLF ang “Labor Room” na muling itinanghal ng Bindlestiff Studio sa San Francisco, California noong Oktubre 2019. Nailathala sa iba’t ibang zines at antolohiya ang kanyang mga akda. Empleyado siya ng UP Diliman.

# BAKASYON

Nagbibilad ka sa prowa  
ng bangkang de motor,  
dahil ayaw mo sa loob,  
ayaw ang kulob at amoy  
ng krudo at bagahe ng lula at antok,  
batang ginising sa madaling-araw,  
walang malinaw na tunguhin kundi  
laro sa tag-init. Ni hindi ka nanabik.

Gusto mong masiraan  
ng makina sa laot nang matanaw

ang isla ng ulan.

Sa gitna ng silaw at pagkislap ng lahat,  
nagkumpol ang tubig at ulap.

Kinagabiha'y nanaginip ka pang  
dumating ang kidlat na inabangan  
at hindi malampas-lampasan ng bangka  
ang iyong pagkamangha.

*abro*

\*

Tatanda kang tulad ng bata sa prowa,  
wala na kailanman ang isla ng ulan,  
ngunit hihiling pa ring  
masiraan, masiraan.